


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 8: Linggwistikong Kahusayan, Gamitin Mo



**Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Linggwistikong Kahusayan, Gamitin Mo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Bheverly Joy C. Dison, Mary Annie O. Acosta, Jossie M. Seno
Tagasuri:	Jeffrey C. Villamor, Alma M. Beton
Editor:	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido, Lilibeth D. Meliton
Tagapamahala:	Ruth L. Fuenes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio Caballero Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino
Ikalawang Markahan – Modyul 8
Linggwistikong Kahusayan,
Gamitin Mo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Maligayang pagdating sa ikawalong modyul kaibigan. Ako ay nagagalak na natapos mo ang mga nakaraang modyul. Napakahusay mo! Narito ako, ang iyong kaibigang gagabay sa iyong mga gawain sa modyul na ito.


Handa ka na ba kaibigan? Nais mo pa bang madaragdagan ang iyong kaalaman?

Alam mo ba na sa likod ng tagumpay ng isang mahusay na manunulat, ay ang pag-iipon nito ng napakaraming kaalaman. Kabilang sa mga kaalamang ito ay ang mga istruktura at kalikasan ng Wikang Filipino. Mahalagang matutuhan ang mga ito!

Bahagi ng ating talakayan sa modyul ang pagpapalalim ng mga kasanayang iyong natutuhan sa mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya, paggamit ng linggwistikong kahusayan upang makabuo ng sariling akda na may orihinalidad, kaangkupan sa paksa at taglay ang mga elemento ng akda.

Simulan na natin ang ating aralin gamit ang iyong aktibong pag-iisip at mapagkumbabang damdamin. Inaasahan na pagkatapos ng ating paglalakbay at pagtuklas ay matutuhan mo ang mga sumusunod:

- Nabibigyang- kahulugan ang mahihirap na salita batay sa konteksto ng pangungusap; ang matatalinghagang pahayag sa parabola; ang mga salitang may natatagong kahulugan; ang mga salita batay sa kontekstong pinaggamitan; ang mahihirap na salita batay sa kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan (F9PT-IIi-j-49);
- Naisusulat ang sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano (F9PU-IIi-j-52); at
- Nagagamit ang linggwistikong kahusayan sa pagsulat ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano (F9WG-IIi-j-52).



Subukin

Maghanda kaibigan. Susubukan muna natin kung mayroon ka nang nalalaman tungkol sa ating aralin.



Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga sumusunod na mga pahayag. Isulat lamang ang titik ng wastong sagot na iyong napili sa sagutang papel.

1. *Ang dating kiming tagasunod lamang ay natutong tumutol laban sa karahasan _____ hindi na matanggap ang dinaranas na kaapihan. Aling pang-ugnay ang akma sa pangungusap?*
 - A. nang
 - B. subalit
 - C. sapagkat
 - D. saka
2. *Sa nangyayaring krisis ngayon sa ating bansa, bilang mamamayan ano ang magagawa natin upang makatulong? Batay sa tanong, ano ang angkop na pahayag sa pagbibigay opinyon?*
 - A. Sa aking palagay, upang makatulong sa nangyayaring krisis sa ating bansa kinakailangang tayo ay magtiwala sa namumuno, maging sa pagsunod sa batas nang sa gayon hindi madaragdagan ang kanilang problema.
 - B. Sa tingin ko, kinakailangan din nating kumilos sa pamamagitan ng pag-aalsa laban sa namumuno.
 - C. Ibig kong ipasa Diyos na lamang ang lahat.
 - D. Kinakailangang na maging aktibo ako sa lahat nang ipapatupad na batas at gawain nang ating bansa.
3. *Noong unang panahon, may isang tigre na nahulog sa napakalalim na hukay. Sumigaw siya nang sumigaw upang humingi ng tulong. _____ ay nakarinig siya ng mga yabag. Nabuhayan siya ng loob at agad tumayo upang sumigaw ng tulong. Sa huli, tinulungan ng tao na makaahon ang tigre sa hukay. Anong pahayag ang isusulat sa patlang upang mabuo ang kuwento?*
 - A. sa simula pa lamang
 - B. walang ano-ano
 - C. pagkatapos
 - D. sa wakas
4. *Alin sa mga sumusunod ang ekspresyong gagamitin upang maipahayag ang damdamin sa pangungusap na ito? “_____, mas pipiliin ko ang makapagtapos ng pag-aaral kahit maraming pagsubok.”*
 - A. Higit na
 - B. Siguro makabubuting
 - C. Kung ako ikaw
 - D. Inaakala kong

5. Anong pagpapahalaga sa pagiging Asyano ang likas sa mga taga-Silangang Asya.?
 - A. Paggalang sa nakakatanda
 - B. Pangigingibabaw ng pamayanan sa indibidwal
 - C. Sama-sama sa paggawa
 - D. Mahigpit na pagkakabuklod-buklod ng pamilya

6. Paano nagiging mabisa ang mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya sa pagpapakilala ng kultura at kaugalian ng mga bansa nito sa mga mambabasa?
 - A. Sa pamamagitan ng makikita sa mga akdang pampanitikan ang kanilang paniniwala, pilosopiya, katangian, kaugalian at kultura ng kanilang lahi
 - B. Sa pamamagitan ng makikita sa kung paano sila kumikilos sa akdang pampanitikan
 - C. Sa pamamagitan ng mga pagpapahalaga na ipinapakita nila sa akdang pampanitikan
 - D. Sa pamamagitan ng makikita sa mga akdang pampanitikan ang kanilang ugali

7. *Hindi nila sinisisi si Linda, sapagkat naniniwala ang mga taga- Linawon na sa puso ng dalaga ay hindi nagbuko ang damdaming nagnanasa ng karangalan. Ang tanging dinaramdam lamang nila'y ang pagkawala ng dating mainam na ugali ng ama ni Linda na si Tandang Mando. Ang ibig sabihin ng sinalungguhitang parirala ay_____.*
 - A. naging mayabang
 - B. mahirap itong pakisamahan
 - C. nagbago ang pakikitungo sa kapwa
 - D. nagbago ang magandang pag-uugali

8. *Hindi na kaila sa mga taga-Pandacan ang pakikipagkasintahan ni Lorena sa inhinyerong namamahala sa binuksang lansangang nagmumula sa kabayanan. Hindi nila dinaramdam ang gayon, sapagkat wika nila'y likas na yaon sa mga taong **magkakatugon ang damdamin**. Ang ibig sabihin ng **magkatugon ang damdamin** ay_____.*
 - A. pareho ang minamahal
 - B. pareho ang iniibig
 - C. iisa ang itinitibok ng puso
 - D. iisa ang isinisigaw

9. *Mayaman ang batang binusog ng pabula. Ano ang nais ipahiwatig nito?*
 - A. Matalino ang bata sapagkat nagbabasa ng pabula.
 - B. Mayaman ang bata sa kaalaman tungkol sa mga hayop.
 - C. Matalino at may mabuting asal ang batang natuto sa mga pabula.
 - D. Maraming maibabahagi sa iba ang batang maraming nabasang kuwento.

10. Anong bansa sa Silangang Asya ang kilala at nangunguna sa larangan ng ekonomiya at teknolohiya hindi lamang sa Asya kundi maging sa buong daigdig?
 - A. Pilipinas
 - B. Japan
 - C. Korea
 - D. Taiwan

Aralin

1

Linggwistikong Kahusayan, Gamitin Mo!

Magaling! Ngayon ay alam kong handa ka na sa ating bagong aralin.

Sa pamamagitan ng mga gawaing inihanda para sa iyo, alam kong magagamit mo ang linggwistikong kahusayan sa pagsulat ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano.

Simulan na natin ang iyong pag-aaral kaibigan!



Balikan

Naalala mo pa ba ang mga bansang napabilang sa Silangang Asya?

Magaling! Ito ay ang mga bansang Japan, Korea, Taiwan, China at Mongolia.

Nauunawaan at napahahalagahan mo ba ang tanka at haiku, pabula, sanaysay, maikling kuwento, at dula sa pag-aaral nito?

Naisakatuparan mo ba lahat ng nakaatang na Gawain sa Modyul 1 hanggang Modyul 7?



Mga Tala para sa Guro

Bilang isang tagapagdaloy, ikaw ay inaasahang gumamit ng iba't ibang paraan sa pagtuturo ng modyul na ito. Kailangan mong ipaalam sa mga mag-aaral ang mahusay na pagbasa at pagsunod nang wasto sa mga panuto.



Tuklasin

Napakahusay mo kaibigan!

Sa kasunod na mga Gawain, tuklasin mo ang mga bagay na makatutulong upang makabubuo ka ng iyong sariling akda.



Gawain 1. Suriin Mo!

Panuto: Suriin ang pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot.

- Batay sa sanaysay na pinamagatang “Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakaraang 50 Taon”, ang mga babae ay walang karapatang magdesisyon ____ kanilang mababang kalagayan sa tahanan.*
 - sapagkat
 - palibhasa
 - dahil sa
 - maging
- “Natatalastas ko ang iyong ikinagagalit. Oo, hindi kita sinisisi... _____ may katuwiran ka, datapwat lahat ay may kaniya- kaniyang hangganan...” wika ni Don Cristobal sa dulang “Dahil sa Anak”.*
 - kung ako ang tatanungin
 - sa palagay ko’y
 - sa totoo lang
 - kung hindi ako nagkakamali
- Alin sa sumusunod na pangungusap ang angkop na pahayag sa pagtatapos ng isang kuwento?
 - Sa huli, naisipan ng prinsesang tutubi na lumipad patungo sa labas ng kaharian.
 - Sa huli, pinagtawanan ng mga matsing ang nabasang prinsesa ng tutubi.
 - Sa wakas, nagsalubong sa gitna ng parang ang mga manlilipad na tutubi at ang hukbong sandatahang matsing.
 - Sa wakas, naipaghiganti nila ang pagkaapi ng kanilang prinsesa at ng buong kahariang Matutubina.
- Alin sa mga sumusunod ang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin?
 - inaakala kong mas
 - sa aking palagay
 - gusto mong sumang-ayon
 - kaawa-awang bata
- Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag na “Hindi siya ang kaibigan ko.”
 - Hindi, siya ang kaibigan ko.
 - Ako, hindi siya ang iyong kaibigan.
 - Hindi siya ang kaibigan ko.
 - Hindi, ako ang kaibigan mo.

Gawain 2. Pagtapat-tapatin Mo!

Piliin sa Hanay B ang mga pangungusap o mga pangyayari na nagpapakita ng pagpapahalaga natin bilang Asyano. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

Hanay A

1. Japan
2. Korea
3. Taiwan
4. China
5. Mongolia

Hanay B

- A. binibigyang pansin ang karapatan at kahalagahan ang mga kababaihan
- B. bilang Asyano pinapahalagahan natin ang ating kapaligiran lalo na ang kalikasan ito'y makikita natin sa mga akdang tanka at haiku
- C. makikita sa kanilang maikling kuwento ang pagpapahalaga sa pagkabuklod-buklod ng pamilya
- D. sa kanilang dula pinapahalagahan ang buhay at relasyon ng mag-ama
- E. may pagpapahalaga sa mga hayop at naniniwalang ito'y may simbolong ugnayan sa bansa at sa mga mamamayan

Gawain 3. Sagutan Mo!

Panuto: Suriin at sagutan ang mga sumusunod. Isulat sa papel ang tamang sagot sa puwang/kahulugan sa initimang mga salita.

1. Payapa at tahimik
Ang araw ng tagsibol
Maaliwalas
Bakit ang Cherry Blossoms
Naging **mabuway**?

Ano ang kahulugan ng salitang mabuway?

- | | |
|----------------------------|-----------------|
| A. paglipas ng panahon | C. nalanta |
| B. malapit na ang taglamig | D. namumukadkad |
2. Ano ang simbolo ng imaheng kuneho sa pabulang "Ang Hatol ng Kuneho"?

A. mahinahong tao	C. mahinang tao
B. makatarungang tao	D. matalinong tao
 3. Iantas ang mga sumusunod na salita batay sa tindi ng emosyon o damdamin: (ligaya, tuwa, ngiti, saya)

A. ngiti, saya, ligaya, tuwa	C. saya, ngiti, tuwa, ligaya
B. ngiti, saya, tuwa, ligaya	D. saya, tuwa, ngiti, ligaya
 4. *Kinabukasan ipinagpatuloy ng tigre ang paghingi ng tulong hanggang siya'y mapagaw. Nang walang tulong na dumarating **lumupasay** siya sa lupa. Ang ibig sabihin ng lumupasay ay:*

A. nahiga	C. lumubog
B. bumulagta	D. nagpahinga

5. *Nais sanang tulungan ng lalaki ang tigre subalit nangibabaw ang kaniyang pangamba.*


- A. pag-aalinlangan
- B. takot

- C. pagdadalawang-isip
- D. hinala



Suriin

Nasuri mo na ba ang iyong linggwistikong kahusayan? Tara na at mas paunlarin pa ang iyong karunungan at kagalingan. Pag-ukulan mo ng pansin kaibigan ang mga sumusunod:



Ano na nga ba ang mga natutunan mong linggwistikong kahusayan? Matatandaang naituro na sa iyo ang mga ito sa mga nagdaang modyul ng ikalawang markahan. Kaya ngayon ay magkaroon tayo ng pagbabalik tanaw upang maging handa ka sa pangwakas na awtput.

Sa unang bilang ng tuklasin ay tinalakay muli ang tungkol sa pang-ugnay. Nalalaman mong ang akmang ginamit sa pangungusap upang maiuugnay ang sugnay na makapag-iisa sa sugnay na di-makapag-iisa ay ang “dahil sa”, bilang pantulong sa unang sugnay.

Tinalakay din sa unang Gawain ng tuklasin ang iba pang paksang panggramatika katulad ng mga pahayag na “sa palagay ko’y” sa ikalawang bilang upang maipahayag ng nagsasalita sa dula ang kaniyang opinyon sa kinakausap. Gayundin sa ikatlong bilang kung saan nagamit mo ang angkop na pahayag na naghuhudyat sa wakas na ang ibig sabihin sa bahaging ito nagtatapos ang kuwento.

Nandiyan naman sa pang-apat na bilang ng tuklasin ang pariralang “kaawa-awang bata” na halimbawa ng ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin na pagkaawa. Kasunod nito ay ang pagkakaiba ng kahulugan ng salaysay kapag ginamitan ng ponemang suprasegmental na hinto/antala. Naiiba talaga ang kahulugan kapag sinabing “hindi, siya ang kaibigan ko” ibig sabihin sinagot mo nang hindi ang naunang katanungan na marahil iba ang itinuturong kaibigan. Pagkatapos ay idinurugtong mo ang katotohanang siya ang kaibigan ko na ang tinutukoy mo ay ang ibang tao. Samantalang kapag sinabi na “hindi siya ang kaibigan ko” na diretsahang ipinaalam na hindi ang kaharap mo ang siyang iyong kaibigan.

Nagbalik-aral din tayo sa Gawain 2 kung saan iniisa isa natin ang mga akdang pampanitikan na nagmula sa Silangang Asya. Matatandaang ang Tanka at Haiku ay

nagmula sa bansang Japan kung saan nangingibabaw dito ang pagpapahalaga sa kapaligiran lalo na ang kalikasan na mas lalong napahahalagahan sa pamamagitan ng pagpapanatili at pagpapayaman nito sa kabila ng pag-unlad. Ang pabulang “Ang Hatol ng Kuneho” na nagmula sa Korea ay kakikitaan nang kanilang paniniwalang ang mga hayop ay may simbolong ugnayan sa bansa at sa mga mamamayan. Sinasabing ginamit ng mga taga Korea ang simbolong hayop sa kanilang iba’t ibang dynasty. Hindi rin pahuhuli ang bansang Taiwan sa kanilang sanaysay na pinamagatang “Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon”. Inilahad sa sanaysay ang hindi pantay na karapatan ng babae sa lalaki sa larangan ng trabaho, subalit sa ngayon ay binibigyang pansin na ang karapatan at kahalagahan ng mga kababaihan. Kakikitaan naman ang maikling kuwento ng tsina nang pagpapahalaga sa pagkabuklod-buklod ng pamilya. At ang Mongolia ay ang may pagpapahalaga sa buhay at relasyon ng pamilya.

Nilinang naman sa Gawain 3 ang iyong kagalingan sa pagpapakahulugan sa mga matatalingha-gang mahahalagang salitang ginamit sa tanka. Ang salitang mabuway sa tanka ni Ki no Tomonori na isinalin sa Filipino ni Vilma C. Ambat ay nangangahulugan pala na nalanta. Sa ikalawang bilang naman ay ang pagpapakahulugan sa imaheng kuneho sa pabula na sumisimbolo sa matalinong paghahatol ng tao.

Kung sa tindi ng damdamin o emosyon naman ang pag-uusapan ay napakadali sa atin ang pag-antas nito lalo’t tungkol sa pag-ibig. Hindi maikaila sa atin na sa pamamagitan ng galaw ng labi masasabi natin ang emosyong taglay ng tao. Nagsimula sa ngiti, tumindi sa saya, mas lalong tumindi sa tuwa at pinakamsidhing naramdaman ang ligaya. Lahat ng ito’y bunga ng pagsasapuso sa mga nagdaang leksyon. Katulad na lamang ng pang - apat at panlimang bilang kung saan nakapokus ito sa pagpapakahulugan ng mga salita batay sa konteksto ng pangungusap. Ibig sabihin, atin lamang unawain ang pangungusap at ang ideyang ipinapahiwatig ng bawat salita na bumubuo nito. Sa salitang lumupasay ay matutunogan mong bumulagta ang kahulugan nito sapagkat nalalaman mo mula sa pangungusap na ilang araw ng humingi ng tulong ang tigre kaya siya napagaw at nanghina at bumulagta. Samantalang ang pangamba ay nangangahulugang takot. Sino ba naman sa atin ang hindi matatakot kung makakita ng tigre? Hindi ba?

Ngayon, malinaw na ba sa iyo ang lahat? Kung gayon, maghanda para sa kasunod na Gawain.



Pagyamanin

Kaibigan, kapag nasagot mo ang mga sumusunod na gawain, tiyak mapagyayaman mo ang iyong natutuhan.



Gawain 1. Gawin Mo!

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Kopyahin at bilugan ang ginamit na pahayag sa pagbibigay ng opinyon, matibay na paninindigan at mungkahi.

1. “Sa ganang akin, walang duda sa kung ano ang dapat gawin,” wika ng baka sa tigre. “Dapat mo siyang kainin!”
2. “Sa totoo lang, walang alam ang tao sa pagtanaw ng utang na loob kaya ang hatol ko ay kainin mo ang tao,” sabi ng puno sa tigre.
3. “Sa ibang salita, kung ang tao ay hindi nagpakita ng kabutihan at iniwan ang tigre sa hukay, walang naging problema. Kaya naisip ko na magpatuloy ang tao sa kaniyang paglalakbay at dapat manatili ang tigre sa hukay.” sabi ng kuneho sa dalawa.

Gawain 2. Ikuwento Mo.


Panuto: Gamit ang mga pahayag sa pagsisimula, pagpapatuloy ng mga pangyayari at pagtatapos ng isang kuwento, punan ang mga patlang sa salaysay na nasa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

isang araw	pagkatapos	noong unang panahon
sa huli	walang ano-ano’y	

1. _____, sa malayong kaharian ng mga tutubi ay may naninirahang isang prinsesang tutubi.
2. _____, naisipan niyang lumipad patungo sa labas ng kaharian. Wiling-wili siya sa lahat ng kaniyang nakikita kung kaya’t hindi niya napansin ang pamumuo ng maiitim na ulap sa papawirin.
3. _____ bumagsak ang napakalakas na ulan. Naisipan ng prinsesang tutubi na sumilong muna sa isang punongkahoy.
4. _____ ng malakas na pagbagsak ng ulan naalala ng prinsesa na baka hinanap na siya ng Haring Tubino at Reyna Tubina.
5. _____, mabilis na lumipad ang prinsesa pauwi sa kanilang tahanan.

Gawain 3. Unawain Mo!

Sagutin ang mga tanong o gawain sa isang sagutang papel.
Isulat sa iba pang mga bilog ang hinihingi sa gitnang bilog.



Gawain 4. Pagpapakahulugan.

Panuto: Bigyang kahulugan ang mga salitang sinalungguhitan sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Sa kagubatan
Hangi'y **umaalulong**
Walang matangay.
A. nalulungkot
B. nagsisigaw
C. naghihinagpis
D. pumapailanlang
2. Ang gobyerno ng Taiwan ay gumagawa na ng batas sa pagkakaroon ng pantay na **karapatan** upang higit nilang mapangalagaan ang kababaihan.
A. kakayahan na gawin ang gusto kahit mali
B. tungkulin bilang mamamayan
C. tungkulin na nararapat para sa isang indibidwal
D. kakayahan na magdesisyon at gumawa ng mga bagay na may kalayaan
3. Kaya't nang matapos ang labanan ay nakabulagatang lahat ang mga matsing. Samantala, walang sinumang tinamaan sa mga mabilis umiwas at lumipad na mga **tutubi**.
A. sumisimbolo sa pagiging matulin, tapang at lakas
B. sumisimbolo sa pagiging matalino at mapagkumbaba
C. sumisimbolo sa pagiging tuso at mapamaraan
D. sumisimbolo sa pagiging marahas at mapanlinlang

4. Nag-order siya ng kinse na larawan para hindi na siya bumalik pa sa susunod at ikinabuwisit niya ang ituring na **kahangalan** ang ganito.
- | | |
|----------------|-------------------|
| A. kapuri-puri | C. katarantaduhan |
| B. katawa-tawa | D. kakaiba |
5. Ang **paghanga** natin sa mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya ang mag-uudyok sa atin ng higit na **pag-irog** mandi'y **pagmamahal** sa Inang Bayan. Batay sa pangungusap alin sa tatlong sinalungguhitang salita ang may pinakamasidhing damdamin ang ipinahayag?
- | | |
|---------------|-------------|
| A. paghanga | C. pag-ibig |
| B. pagmamahal | D. pag-irog |

Magaling!

Sa tingin ko'y napagyaman nang muli ang iyong kaalaman. Ngayon ihanda na ang iyong sarili sa mas kapana-panabik na mga Gawain.
Sigurado akong masisiyahan ka!



Isaisip

Huwag kalimutan ang mga nagdaang karunungan at kaalaman dahil ito ay susi sa iyong magandang kinabukasan. Laging isaisip at ito ay... tandaan!



Panuto: Kumpletuhin ang **Hagdan ng mga Konsepto**.

Ngayon, masasabi ko na ...

Upang maiugnay natin ang sugnay na makapag-iisa sa sugnay na di-makapag – iisa ay kinakailangan nating gumamit ng mga salitang _____. Para naman maipahayag ng nagsasalita ang kaniyang opinyon sa kausap ay gumamit tayo ng mga pahayag katulad ng _____. At sa mabisang pagkukuwento gamit ang pahayag na _____ bilang hudyat sa pagsisimula, _____ sa pagpapatuloy ng mga pangyayari at _____ sa pagtatapos ng kuwento. Habang gamit naman natin ang _____ bilang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin.


Natuklasan ko na...

Hindi pawang kuwento lamang ang dala ng mga akdang panitikan sa Silangang Asya, kundi iniisa - isa nito ang iba't ibang pagpapahalagang Asyano na tunay na kahanga - hanga at dapat panatilihin at paunlarin. Sa tanka at haiku ng Japan ay makikita ang _____. Sa pabula ng Korea na "Ang Hatol ng Kuneho" ay kakikitaan naman ng pagpapahalaga sa _____. Hindi rin pahuhuli ang Taiwan sa kanilang sanaysay na "Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakaraang 50 Taon" na nagpapakita ng _____. Gayundin ang China sa kanilang maikling kuwento na "Niyebeng Itim" na kakikitaan ng _____. Panghuli ay ang Mongolia sa kanilang dulang "Munting Pagsinta" na nagpapahalaga sa _____.

Natutuhan ko sa buong modyul na...

Ang mga matatalinghagang mahahalagang salitang ginamit sa tanka at haiku ng Japan ay may mga nakatagong kahulugan katulad ng paglagas ng Cherry Blossoms na nangangahulugang _____ na ang Cherry Blossoms. Gayundin sa pabula ng Korea na gumagamit ng mga tauhang hayop bilang imahe o simbolo sa nais ipakahulugan ng mga manunulat. Halimbawa ang imaheng tigre na nangangahulugang _____. Naipaliliwanag din natin ang mga salitang dilantad ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap. Gaya ng lumupusay na ang ibig sabihin ay _____. At ang huli, ay ang pag-aantas nga mga salita batay sa tindi ng damdamin: ngiti, saya, _____, ligaya.

Magaling! Ngayon handa ka na upang ipakita ang iyong linggwistikong kahusayan sa pagsulat ng iyong sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano.



Isagawa

Panuto:

Sa isang bondpaper, sumulat ng islogan tungkol sa nangyayaring pandemya na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano batay sa sumusunod na pamantayan:

Pamantayan		
Blg.	Deskripsiyon	Bahagdan
1	May pagkamalikhain at may orihinalidad	30%
2	Nagpapahayag ng mga Asyanong Pagpapahalaga.	30%
3	Mabisa ang paggamit ng mga salita batay sa pahayag o damdaming nais ipahiwatig.	20%
4	Nagagamit ng may kahusayan ang mga ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin, pahayag sa pagbibigay opinyon, pahayag sa pagsisimula/pagpapatuloy/pagwawakas, angkop na pang-ugnay.	20%
	Kabuuan	100%



Tayahin

Basahin, unawain at isagawa mo ang nakaatang na Gawain:

Sa kasalukuyan, maraming suliranin ang kinakaharap ng ating bansa at ng mga bansa sa buong daigdig. Isa na rito ang pandemya na kumakalat at kumikitil ng buhay. Maraming pag-aaral ang isinagawa at isa ang pagbabakuna sa nakikitang solusyon upang maagapan ang nasabing pandemya. Bilang isang mamamayang Pilipino at bilang Asyano, ano ang iyong opinyon tungkol dito?

Gamit ang iyong natutuhan sa buong ikalawang markahan ay sumulat ka ng sariling akda (kasabihan, tanaga, memes o hugot lines) tungkol sa pagbabakuna na nagpapakita ng Asyanong pagpapahalaga.


Gawing gabay ang pamantayan na inihanda para sa Gawain.



Naririto ang pamantayan sa isusulat na akda		
Blg.	Deskripsiyon	Bahagdan
1	Nagamit ang angkop na salita (tamang pang-ugnay, tamang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin, angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng opinyon, at angkop na pahayag sa pagsisimula, pagpapatuloy at pagtatapos ng isang kuwento) upang mabisang maipahayag ang mensahe.	25%
2	Kakikitaan ng pagpapahalaga sa pagiging Asyano	15%
3	May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan	15%
4	May orihinalidad	15%
5	Malinis at malinaw ang pagkakasulat ng mga salita	15%
6	Malikhain sa pagpost sa social media at nagagamit ng tama ang mga mahihirap at matatalinghagang salita.	15%
Kabuuhan		100%

Mahusay kaibigan!

Natatalas kong iyong naisapuso ang lahat ng mga Gawain at kaalaman sa buong ikalawang markahan. Ikinagagalak ko ang mabuti mong partisipasyon sa modyul na ito!



Karagdagang Gawain

Upang matitiyak mo ang iyong natutuhan sa ating aralin, gawin mo ang gawain na kasunod.



Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

- Ang paggamit ng hayop na ito sa akda ay nangangahulugang mabagsik, mapanlinlang at walang utang na loob.


A. tigre	C. baka
B. tao	D. kuneho
- Alin sa magkapares na salita ang magkasingkahulugan?

A. padapuan-pagapangan	C. iyak nang iyak - umaatungal
B. wagas - dalisay	D. magpahele-magpa-alaga

3. Ang sumusunod ay halimbawa ng ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin maliban sa _____.
 A. Lubos kaming natutuwa sa iyong pagdating. C. Salamat!
 B. Yehey! Nanalo ako! D. Gusto ko sanang sumang-ayon sa'yo.
4. Ginagamit sa mga kuwentong ito ang mga hayop bilang tauhan.
 A. maikling kuwento C. sanaysay
 B. pabula D. dula
5. Punan ng tamang pang-ugnay ang pangungusap. "Nag-aral siya ___ leksyon para sa nalalapit na pagsusulit."
 A. ng C. nang
 B. sa D. may
6. Gamit ang konotasyon na pagpapakahulugan, ano ang "pusang itim"?
 A. uri ng hayop C. kulay
 B. nagbabadya ng kamalasan D. nangangalmot
7. "_____, sa Kyoto'y may isang relihiyosong lalaki. Madalas siyang bumisita sa Rokkaku-do (Dambanang Heksagonal) para mag-alay ng taimtim na panalangin kay Kannon-sama, ang Diyosa ng Awa, na nakadambana roon." Anong pahayag ang gagamitin upang mabuo ang salaysay?
 A. pahayag sa pagsisimula C. pahayag sa pagtatapos ng kuwento
 B. pahayag sa pagpapatuloy ng pangyayari D. pahayag sa kuwento
8. Simula nang makalabas sa kulungan si Li Huiquan ay kinupkop siya agad ni Tiyo Lou. Tinulungan upang makapagsarili ng negosyo at magbagong buhay. Anong pagpapahalagang Asyano ang ipinapakita sa salaysay?
 A. Pagpapahalaga sa pamilya. C. Pananampalataya o pananalig sa Diyos.
 B. Paggalang sa nakatatanda. D. Paggalang sa awtoridad.
9. Tumutukoy ito sa literal na pagpapakahulugan sa mga salita.
 A. denotasyon C. kasingkahulugan
 B. konotasyon D. kasalungat
10. Ang pangatnig ay mga kataga o salita na _____ng dalawang salita, parirala, o sugnay na pinagsunod-sunod sa pangungusap.
 A. nagsasama C. nagtuturing
 B. nag-uukol D. nag-uugnay



Binabati kita! Matagumpay mong naisagawa ang mga gawain sa araling ito. Kung hindi mo pa lubos na naunawaan ang paksa, ay maaari mong balikan ang modyul na ito o di kaya'y magtanong sa iyong guro. Tandaan, ang nagtatanong ay nagpapahayag ng pagnanais na matuto. Kung malinaw na sa iyo ang lahat ay maaari ka nang magpatuloy sa iyong paglalakbay.



Susi sa Pagwawasto

Pagymanin

Gawain 1.

1. sa ganang akin
2. sa totoo lang
3. sa ibang salita

Gawain 2

1. noong unang panahon
2. isang araw
3. walang ano-ano'y
4. pagkatapos
5. sa huli

Gawain 4

1. A
2. D
3. A
4. C
5. B

Karagdagan

Gawain

1. A
2. B
3. D
4. B
5. C
6. B
7. A
8. A
9. A
10. D

Subukin

1. C
2. A
3. B
4. C
5. D
6. A
7. C
8. C
9. C
10. B

Tuklasin

Gawain 1

1. C
2. B
3. D
4. D
5. C

Gawain 2

1. B
2. E
3. A
4. C
5. D

Gawain 3

1. C
2. D
3. B
4. B
5. B

Sanggunian:

Peralta, Romulo N., Lajarca, Donabel C., Cariño, Eric O., Lugtu, Ma. Aurora C., et al., Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9. Pasig City Philippines: Vibal Group Publishing House, Inc.2014

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph